

Bagong Immigration Control Act

Q & A
Tagalog

para sa mga Medium to Long Term Residents sa Japan

Sa pagbabago ng Immigration Control Act na ipapatupad sa Hulyo ng 2012, ang mga taong may sumusunod na visa ay magiging "Medium and Long Term Resident";

Permanent resident, long term resident, spouse or child of Japanese national, spouse or child of permanent resident, artist, religious, journalist, cultural activities, professor, investor/business manager, legal/accounting services, medical services, instructor, intra-company transferee, technical intern training, college student, trainee, researcher, engineer, specialist in humanities/international services, entertainer, skilled labor, dependent o designated activities.

edited by
Meeting of Countermeasure against Immigration relevant laws / SMJ
NGO Committee against the introduction of "Zairyu card(resident card)" system
published by
National Christian Conference on Issues of the Alien Registration Law



Tanong 1

Mawawala ba ang Alien Registration Card?

Opo.

Mawawala ang “Alien registration system” dahil papalitan ito ng bagong sistema ng “Residence management”.

Ang bagong sistema na itinatakda sa mga batas tulad ng “Revised Immigration Act”, “Special Act” at “Resident Registration Act” na napahayag noong Hulyo 15 ng 2009 ay ipapatupad sa Hulyo ng 2012.

Ang mga dayuhan na pinayagang manatili dito nang 3 buwan mahigit (maliban sa special permanent resident) ay kabilang sa medium to long term resident sa bagong sistema na ito. Ang detalye ay nakasaad sa ibaba.

■ Table 1 Sa bagong Immigration Control Act na ipapatupad sa 2012

	Sa kasalukuyang “Alien Registration System”	Sa bagong “Immigration Control Act” at “Special Act”	Sa bagong “Resident Registration Act”
Special permanent residence (Korean Residents at Taiwanese)	Bibigyan ng “Alien Registration Card” sa munisipyo.	Bibigyan ng “Special Permanent Resident Certificate” sa munisipyo.	Gagawa ng “Residencial Certificate” sa munisipyo.
Medium to long term residence (permanent residents, dayuhan na nag-aaral sa Japan atbp.)	Bibigyan ng “Alien Registration Card” sa munisipyo.	Bibigyan ng “Residence Card” sa immigration.	Gagawa ng “Residencial Certificate” sa munisipyo.
Mga “undocumented”/ walang visa (kasama ang overstay atbp.)	Bibigyan ng “Alien Registration Card” sa munisipyo.	Hindi bibigyan ng “Residence Card”.	Hindi gagawa ng “Residencial Certificate” o aalisin sa record ng munisipyo.

Tanong 2

Maging maayos ba ang pagpapalit o pag-extend ng visa kasama ang pagbibigay ng residence card sa immigration?

Hindi po naman.

Kapag binigyan kayo ng residence card sa regional immigration, dapat pumunta kayo sa munisipyo at i-report sa kanila kung saan kayo nakatira.

Gayundin, kung may pagbabago sa impormasyon ukol sa inyo, dapat i-report ito sa immigration o munisipyo sa inyong lugar sa loob ng 14 araw.

■ Pagkuha ng Residence Card sa Immigration sa inyong Lugar

- a.** Ang taong may visa na “permanent resident” na mula edad 16 pataas ay dapat pumunta sa regional immigration office bawat 7 taon (sa inyong pampitong kaarawan) para tumanggap ng bagong residence card.
- b.** Ang mga “medium to long term residente” maliban sa permanent residente ay bibigyan ng residence card kapag magbago kayo ng visa sa immigration sa inyong lugar.
- k.** Ang bagong dating na dayuhan na may balak tumira mahigit ng 3 buwan ay bibigyan ng residence card ng immigration sa international airport o sea port pagkapasok sa Japan.

◆ Parusa sa Hindi Pagtanggap ng Residence Card

Kung tumanggi ang mga dayuhan na tumugon sa naturang **a. b. at k.** ng pagtanggap ng residence card;

Pagkabilanggo sa loob ng 1 taon o pagbabayad ng multa na hindi lalapas ng 200,000 yen + Deportasyon kung binigyan ng pagkabilanggong parusa

◆ Parusa sa Nakalimutang Mag-renew ng Residence Card

Kung ang “permanent resident” na mula edad 16 pataas ay nakalimutang mag-renew ng residence card bawat 7 taon;

Pagkabilanggo sa loob ng 1 taon o pagbabayad ng multa na hindi lalapas ng 200,000 yen + Deportasyon kung binigyan ng pagkabilanggong parusa

■ Pagpapasulat ng Home Address sa Residence Card sa Munisipyo

Ang mga dayuhang binigyan ng residence card sa immigration ay dapat pumunta sa munisipyo at isulat sa card ang home address sa loob ng 14 araw.

◆ Parusa sa Paghuli

Kung nakalipas ang 14 araw at hindi naisulat ang home address, ang mga dayuhang tumugon sa naturang **a at b**, mayroong multa na hindi lalapas ng 200,000 yen.

Kung hindi ipinaalam ang bagong home address sa loob ng 14 araw sa munisipyo, ang mga dayuhang tumugon sa naturang **k**, mayroong multa na hindi lalapas ng 200,000 yen. At kung nakalipas na ang 90 araw, i-rerevoke o mawawala ang visa.

■ Pagpapaalam ng Pagkalipat

Kung lumipat kayo sa ibang munisipyo,

- ① Ipasa ang "notification of moving out" sa iiwanang munisipyo (city, ward, town o village office) at
- ② Ipasa ang "notification of moving in" sa munisipyo ng bagong address sa loob ng 14 araw ng paglipat

Kailangan ding ipasa ang "notification of change of address" sa loob ng 14 araw kahit lumipat kayo sa loob ng kasalukuyang munisipyo.

◆ Parusa sa Paghuli

Kung nakalipas ang 14 araw nang hindi ipinasa ang "notification of moving in/out,"
Multang 50,000 yen o mas mababa ayon sa "Resident Registration Act" (administrative penalty) + multang 200,000 yen o mas mababa ayon sa Immigration Control Act (criminal punishment) + kung nakalipas ang 90 araw, mawawala ang inyong visa ayon sa Immigration Control Act

■ Pag-report ng Impormasyon ng Munisipyo sa Ministry of Justice

Ipapadala sa Ministry of Justice ng munisipyo ang mga impormasyon ukol sa inyong paninirahan.

Tanong 3

Anong impormasyon ang nakalagay sa Residence Card?

Maliban sa inyong pangalan at nasyonalidad, kasama din dito ang iba pang impormasyon na importante para sa gobyerno ng Japan.

Ang mga impormasyon sa residence card ay: pangalan / petsa ng kapanganakan / kasarian / nasyonalidad at rehiyon / address ng tirahan / visa status / panahon ng pananatili at petsa ng pagkatapos nito / uri ng permiso tulad ng “entry permit” o “pagre-renew ng visa” at petsa ng pagbigay / numero ng residence card, petsa ng pag-isyu, petsa ng hindi na pwedeng magamit / paghihigpit ng pagtatrabaho / permiso ng aktibidades na hindi payagan ng inyong visa. At ilalagay ang larawan kung ang edad ay 16 gulang pataas. Gayundin, ilalagay din sa card sa pamamagitan IC chip halos lahat na impormasyon katulad ng nasa itaas.

■Figure1 Imahen ng residence card

日本国政府 GOVERNMENT OF JAPAN		在留カード RESIDENCE CARD		番号 No.		
氏名 NAME				(顔写真)		
生年月日 DATE OF BIRTH	年 Y	月 M	日 D		性別 SEX	国籍・地域 NATIONALITY/REGION
住居地 ADDRESS						
在留資格 STATUS	就労制限の有無					
在留期間 (満了日) PERIOD OF STAY (DATE OF EXPIRATION)	年 Y	月 M	(年 月 日) Y M D			
許可の種類						
許可年月日	交付年月日					
このカードは _____ 年 月 日まで有効です。					法務大臣 職印	
PERIOD OF VALIDITY OF THIS CARD						

Tanong 4

Ano ang mangyayari kung hindi ko dinadala ang residence card?

Magkakaroon kayo ng maraming problema kung hindi ninyo palaging dala ito.

■ Ang Obligasyon sa Pagdala ng Card na Nakatakda sa Batas

Ang mga dayuhang edad 16 gulang pataas ay dapat magdala ng residence card palagi. Kung tatanungin kayo ng pulis o mga kawani ng immigration na ipakita ang inyong card, dapat sundin kaagad.

◆ Parusa kung Hindi Ipakita o Dinadala ang Residence Card

Kung tanggihan ninyong ipakita ang residence card,

Pagkabilanggo sa loob ng 1 taong pababa o multang 200,000 yen o mas mababa.

+ Deportasyon kung binigyan ng pagkabilanggong parusa

Kung hindi nagdala ng residence card,

Mulang 200,000 yen o mas mababa

Kung nawala ang residence card, dapat mag-apply ng panibago sa regional immigration office sa loob ng 14 araw mula sa araw na nalaman ng pagkawala nito.

◆ Parusa para sa Huling Pag-apply ng Panibagong Card

Kung hindi nagawa ang pag-apply ng panibagong card sa loob ng 14 na araw,

Pagkabilanggo sa loob ng 1 taong pababa o multang 200,000 yen o mas mababa.

+

Deportasyon kung binigyan ng pagkabilanggong parusa

■ Dapat Dalhin ang Card nang Palagi

Ipinaliwanag ng Ministry of Justice na ang residence card ay nagpapatunay na legal naninirahan dahil nakalagay dito ang pinakabagong impormasyon ukol sa dayuhan.

Kaya't hihingin sa inyo na ipakita ang card sa mga panahon na naghahanap kayo ng tirahan, pagsagawa ng kontrata ng cell phone, pagbubukas ng bank account, atbp.

■ Kailangan din ang Card kung Hahanap kayo ng Trabaho

Sa ilalim nitong pagbabago, nagkakaroon ng bagong impormasyon ukol sa limitasyon o paghihigpit ng pagtrabaho, at ilalagay ito sa residence card. Isa sa mga susunod na ①, ② o ③ ay isusulat sa residence card ayon sa uri ng inyong visa.

- ①Walang paghihigpit sa pagtatrabaho
- ②May paghihigpit sa pagtatrabaho / pwedeng magtrabaho ayon sa inyong visa
- ③Bawal magtrabaho / kailangan ang permiso para magtrabaho

“Dahil sa pagbabago nito, madaling malaman ng may-ari ng mga kumpanya kung pwede kayong magtrabaho o hindi kapag makita nila ang residence card” ayon sa Ministry of Justice.

Gayundin, maraming dayuhan na nagtatrabaho na hindi alam ng may-ari na wala silang legal na visa para magtrabaho. Subalit dahil sa pagbabago nito, dapat i-check ng mga may-ari ang visa ng mga nag-apply ng trabaho para malaman kung may pahintulot ang mga ito. Kung tinanggap ng may-ari ang mga dayuhan na walang pahintulot na makapagtrabaho, siya rin ay maaring maparusahan nang mabigat at ito ay nakasulat sa bagong Immigration Control Act.

Kaya’t kung ikaw ay naghahanap ng trabaho kahit part-time man lamang, hihingin sa inyo na, ipakita ang inyong resident card. Sa pamamagitan nito, malalaman ng may-ari kung ikaw ay may pahintulot na pwedeng magtrabaho o permiso ng aktibidades na hindi payagan sa inyong visa, o petsa ng pagkatapos ng visa.

■ Table 2 (reference) Ang mga obligasyon ng middle to long-term residents at mga parusa

	Obligasyon	Mga bagay na paglabag sa batas	Parusa
Pag-report	Pag-report ng bagong address o paglipat ng tirahan	Pagrereport ng hindi totoong impormasyon	Pagkabilanggo sa loob ng isang taon o pagmultahin ng 200,000yen o pababa
			Pagbabawi o pag-revoke ng visa
			Deportasyon (kung ang parusa ay pagkabilanggo)
	Pagkakahuli ng report	Pagkakahuli ng report	Pagkahuli ng 14 araw ⇒ pagmumultahin ng 200,000yen o pababa
			Pagkahuli ng 90 araw⇒pagbawi ng visa
	Pag-report ng pagbabago ng visa Pag-report ng pagbabago ng belonging organization Pag-report ng divorce o pagkamatay ng asawa	Pagrereport ng hindi totoong impormasyon	Pagkabilanggo sa loob ng isang taon o pagmultahin ng 200,000yen o pababa
			Deportasyon (kung ang parusa ay pagkabilanggo)
			Pagkahuli ng 14 araw ⇒ pagmumultahin ng 200,000yen o pababa
	Pagtanggap ng residence card	Tumanggi ng tumanggap	Pagkabilanggo sa loob ng isang taon o pagmulta ng 200,000yen o pababa
			Deportasyon (kung ang parusa ay pagkabilanggo)
Pagdala ng residence card	Hindi nagdadala	Pagmumulta ng 200,000yen o pababa	
Pagpapakita ng residence card	Pagtanggi ng pagpapakita	Pagkabilanggo sa loob ng isang taon o pagmultahin ng 200,000yen o pababa	
		Deportasyon (kung ang parusa ay pagkabilanggo)	
Residence card	Pag-renew ng residence card	Pagkakahuli ng renewal	Kung ang residence card ay expired ⇒ pagkabilanggo sa loob ng isang taon o pagmultahin ng 200,000yen o pababa
			Deportasyon (kung ang parusa ay pagkabilanggo)
	Re-isyu ng residence card	Pagkakahuli ng re-isyu	Pagkahuli ng 14 araw ⇒ Pagkabilanggo sa loob ng isang taon o pagmultahin ng 200,000yen o pababa
			Deportasyon (kung ang parusa ay pagkabilanggo)
	Pag-uutos ng re-isyu ng residence card	Hindi sundin sa pag-uutos	Pagkahuli 14 araw ⇒ Pagkabilanggo sa loob ng isang taon o pagmultahin ng 200,000yen o pababa
Deportasyon (kung ang parusa ay pagkabilanggo)			
Pagsasauli ng residence card	Pagkakahuli ng pagsasauli	Pagkahuli ng o pababa ng 14 araw ⇒ pagmultahin ng 200,000yen o pababa	

Tanong 5

Hindi ang dayuhan lamang kundi ang organisasyon din ay dapat mag-report ng impormasyon ng mga dayuhan?

Opo.

Ayon sa bagong batas, naging obligado ang pagpapaalam ukol sa pagbabago ng mga impormasyon ng mga dayuhan. Gayundin, hindi kanilang sarili lamang kundi ang mga organisasyon/ahensya din ay dapat i-report ang mga bagong impormasyon ukol sa dayuhan.

■ Mga bagay na Dapat Ipaalam ng mga Dayuhan

Kung may pagbabago sa residence card tulad ng pangalan / petsa ng kapanganakan / kasarian / nasyonalidad, kailangang ipasa ang mga kinakailangang papeles sa immigration sa inyong lugar sa loob ng 14 araw upang makatanggap ng panibagong residence card.

◆ Parusa kung Nahuli ang Ipasa ang mga Papeles

Kung hindi ninyo ipasa ang nasabing papeles sa loob ng 14 araw,

Mulang 200,000 yen o pababa ang magiging parusa.

Bukod dito, tulad sa nakasaad sa B ng table 2, ang mga dayuhan na may visa na “professor” o “skilled labor” ay dapat magpaalam sa regional immigration office sa loob ng 14 araw kung ang pangalan o address ng organisasyong pinagtatrabuhan ay nagbago, nawala ito o hindi na kayo nagtatrabaho.

◆ Parusa kung Nahuli ang Ipasa ang Papeles

Kung hindi ninyo ipasa ang nasabing papeles sa loob ng 14 araw,

Mulang 200,000 yen o pababa

■ Table 3-1 Mga bagay na dapat ipaalam ng dayuhan / organisasyon / may-ari ng kumpanya o employer

Visa Status	A: Mga bagay na ilalagay sa residence card *1	B: Mga bagay na dapat i-report ng mga dayuhang may visa *1	C: Mga bagay na dapat i-report ng ahensya *1	D: Mga bagay na dapat ipa-alam na nakatakda sa "Employment Promotion Law"
Unrang Talata	Artist			
	Religious Activities		—	—*2
	Journalist			
	Cultural Activities	1. Pangalan		1. Pangalan
	Professor	2. Petsa ng kapanganakan		2. Petsa ng kapanganakan
	Investor / Business Manager	3. Kasarian		3. Kasarian
	Legal / Accounting Services	4. Nasyonalidad o rehiyon	1. Pagbabago ng pangalan o address ng ahensya	4. Nasyonalidad
	Medical Services	5. Address ng tirahan	2. Nawala ang ahensya	5. Uri ng visa/Permiso ng aktibidades na hindi payagan sa inyong visa
	Instructor	6. Visa status	3. Paglipad o pag-alis ng ahensya	6. Panahon ng pananatili
	Intra-company Transferee	7. Panahon ng pananatili/petsa ng pagkatapos nito		7. Address ng tirahan
	Technical Intern training	8. Uri ng visa/Petsa ng pagbigay		8. Pangalan ng ahensya at address
	Student	9. Uri ng residence card/ Araw ng pag-isyu/ Petsa ng hindi na pwedeng magamit	1. Pagbabago ng pangalan o address ng ahensya	9. Kita/ Uri ng employment/ uri ng trabaho/ takdang oras ng pagtrabaho/ Habang kontrata
	Trainee	10. Paghihigpit ng trabaho/Permis o ng aktibidades na hindi payagan ng inyong visa	2. Nawala ang ahensya	10. Petsa ng naging empleyado/ at pag-alis sa trabaho
	Researcher		3. Paglipad o pag-alis ng ahensya	
	Engineer			
	Specialist in Humanities / International Services			
Entertainer				
Skilled Labor				
Dependents		Kung may asawang Hapon, pag nag-divorce sa asawa o namatay ang asawa		
Designated Activites				

*1: Mula sa Revised Immigration Control Act.

*2: Ayon sa bagong Immigration Control Act, dapat mag-report ang mga organisasyon kung nagtatanggap ng dayuhan na "Artist" "Religious activity" "Journalist" at "Cultural activity" na visa. Ngunit sinabi ng Ministry of Justice, "Hindi na kailangang mag-report ang mga organisasyon ng mga ito, dahil hindi naging batayan ng pagbigay ng visa ang organisasyon mismo".

■ Ang Mga Bagay na Kailangan I-report ng Organisasyon

Ang mga lahat na kumpanya at ahensya ng lokal na pamahalaan na tumatanggap ng dayuhang manggagawa ay kailangan i-report ang kalagayan ng mga ito(ipapakita ito sa Table3-1-D) sa Ministry of Labor and Social Welfare. Ito ay nakatakda sa Employment Promotion Law na pinatupad noong oktubre 2007. At ang mga impormasyon na ito ay ibibigay sa Ministry of Justice.

At kagaya ng ipinapakita sa Table3-1-C, ang mga organisasyon na tumatanggap ng dayuhang manggagawa na kung saan ang kanilang visa ay “professor~special activity” ay kailangan i-report sa regional immigration office ang petsa ng pagsimula at pagtigil ng kontrata o iba pang mga bagay kaugnay sa kontrata. (Ayon sa Employment Measures Act, ang mga kawani na obligadong isumite ang “Report of employment of foreign workers” ay hindi ito kailangan i-report.)

■ Ang mga Organisasyon na May Kaugnay sa Edukasyon at Tumatangap ng Dayuhang Estudyante ay Kailangan rin Mag-report

Ayon sa pagpapaliwanag ng Ministry of Justice, ang mga educational organization na tumatanggap ng dayuhang estudyante tulad ng Japanese language schools, mga unibersidad o kolehiyo ay kailangan mag-report ng mga impormasyon ukol sa dayuhan, tulad ng pangalan, petsa ng kapanganakan, kasarian, nasyonalidad, visa status, panahon ng visa, at numero ng residence card ng mga dayuhang estudyante. At bukod pa doon, kailangan din i-report ang katunayan ng enrollment ng estudyante, pangalan ng estudyanteng tumigil ng pag-aral, estudyanteng pinaalis sa paaralan, at nawawalang estudyante.

Table 3-2 Mga bagay na dapat ipaalam ng dayuhan / organisasyon / may-ari ng kumpanya o employer

Visa Status		A: Mga bagay na ilalagay sa residence card *1	B: Mga bagay na dapat i-report ng mga dayuhang may visa *1	C: Mga bagay na dapat i-report ng ahensya *1	D: Mga bagay na dapat ipa-alam na nakatakda sa "Employment Promotion Law"
Pangalawang Talata	Spouse or Child of Japanese National	1. Pangalan 2. Petsa ng kapanganakan 3. Kasarian 4. Nasyonalidad o rehiyon 5. Address ng tirahan	Kung may asawang Hapon, pag nag-divorce sa asawa o namatay ang asawa	—	1. Pangalan 2. Petsa ng kapanganakan 3. Kasarian 4. Nasyonalidad 5. Uri ng visa/Permiso ng aktibidades na hindi payagan sa inyong visa
	Spouse or Child of Permanent Resident	6. Visa status 7. Panahon ng pananatili/ petsa ng pagkatapos nito 8. Uri ng visa/Petsa ng pagbigay			6. Panahon ng pananatili 7. Address ng tirahan
	Permanent Resident	9. Uri ng residence card/ Araw ng pag-isyu/ Petsa ng hindi na pwdeng magamit	8. Pangalan ng ahensya at address		
	Long Term Resident	10. Paghihigpit ng trabaho/Permiso ng aktibidades na hindi payagan ng inyong visa	9. Kita/ Uri ng employment/ uri ng trabaho/ takdang oras ng pagtrabaho/ Haba ng kontrata 10. Petsa ng naging empleyado/ at pag-alis sa trabaho		

*1: Mula sa Revised Immigration Control Act.

Tanong 6

Paano gagamitin ng Ministry of Justice ang Ganitong Impormasyon?

Ayon sa paliwanag ng Ministry of Justice, gagamitin nila ang impormasyon na ito para sa pagsusuri ng pagpapa-extend ng visa, pag-renew ng visa , o pa-revoke o pagbawi ng visa.

Sa ilalim ng bagong sistema ng pamamahala ng pagtira ng mga dayuhang residente, ang Ministry of Justice ay mananatiling mamamahala sa pinakabago at partikular na impormasyon ukol sa bawat dayuhan. At hawak rin sila ang iba't-ibang impormasyon katulad ng rekord ng pagpasok at paglabas ng bansang Hapon o rekord ng deportasyon, tinatawag na “personal-identifying information” tulad ng fingerprint o letrato ng mukha na kinuha sa immigration, gayudina ang mga blacklisted na dayuhan.

■ Karapatang Pagsusuri at Malawak na Karapatan sa Pag-imbestigasyon

Bukod pa sa nakasulat sa itaas, ang Ministry of Justice ay magkakaroon ng karapatang pagsusuri at malawak na pag-imbestigasyon para manatili ang pagtago ng impormasyon ng bawat dayuhang residente. Ito ay karagdagang probisyon na nakatakda sa bagong Immigration Control Act.

Maaring imbitahin ang dayuhang at mga taong may relasyon sa dayuhan ng regional immigration office para magtanong o magpasumite ng dokumento sa kanila.

At maaari silang humingi ng karagdagang impormasyon sa mga munisipyo kung saan mayroong kanyang rehistro at organisasyon kung saan nag-tatrabaho o nag-aaral ang dayuhan.

■ Paggamit ng Personal Information sa Imbestigasyon

Ang Ministry of Justice ay magkokompara ng impormasyon na kinuha sa iba't ibang ahensya.

Ikukumpara nila ang impormasyon na nakasaad sa Table 2-B (impormasyong galing sa kanila) at sa Table 2-D (impormasyon na binigay ng organisasyon kung saan nag-tratrabaho o nag-aaral ang dayuhan). At gagamitin ang impormasyon na ito para sa pagsusuri ng extension ng pag-stay, renewal at pag-revoke ng visa.

Tanong 7

Ano ang ibig sabihin ng “Revocation of Status of Residence” o Pagbawi ng visa?

Ito ang unang hakbang ng paglabag sa karapatan ng dayuhan sa pananatili at pamumuhay dito sa bansang Hapon.

■ Maaaring Kukunin ang Inyong Visa Kahit Hindi pa Expired

Sa bagong Immigration Control Act ng 2004 ay nagtakda ng tinatawag ng “Revocation system of status of residence” o bagbawi ng visa. Halimbawa, “student” ang inyong visa at hindi kayo nagsasagawa ng aktibidades na nakasaad sa batas ng mahigit ng tatlong buwan, tulad na matagal na kayong absent sa eskuwalahan o hindi na pumapasok, ang inyong visa ay kunin o “i-revoke” ng Ministry of Justice.

Sa bagong Immigration Control Act, dinagdagan ng bagong probisyon na ⑤, ⑦, ⑧, ⑨ at ⑩ na nakasaad sa ibaba, at maaaring i-revoke ang inyong visa sa sumusunod na kaso kahit hindi pa ito tapos:

- ⑤ Nakakuha ng “special permission to stay” o “recognition as refugee” sa pamamagitan ng panlilinlang o iba pang hindi tamang paraan o tinatawag na “deceit or other wrongful means”.
- ⑦ Ang dayuhan na may “spouse or child of Japanese national” o “spouse or child of permanent resident” ay hindi nagsasagawa ng aktibidades bilang asawa ng anim na buwan mahigit (maliban sa mga kaso na may makatwiran at sapat na dahilan).
- ⑧ Ang dayuhan na nagkaroon ng permiso ng pagpasok sa bansang Hapon at binigyan ng “residence card” ngunit hindi siya nag-report ng kanilang lugar na pananatili sa loob ng 90 araw (maliban sa mga kaso na may makatwiran at sapat na dahilan).
- ⑨ Ang dayuhan na lumipat ng ibang tirahan at hindi nag-report ng kanilang bagong tirahan o hindi sinumite ang “notification of moving in” sa munisipyo kung saan sakop ang kanilang bagong tirahan sa loob ng 90 araw (maliban sa mga kaso na may makatwiran at sapat na dahilan).
- ⑩ Ang dayuhan na nag-report ng maling address ng tirahan.

Ayon sa mga gumawa ng mga draft ng batas na ito, ang sumusunod ay ang mga halibawang kaso ng “maliban sa mga kaso na may makatwiran at sapat na dahilan” o “except for the cases in which the foreign resident has justifiable grounds for not doing so”;

- ⑦ Halimbawa, ang dayuhan ay may kasong nauukol sa “parental custody” sa mediation sa korte at iba pa.
- ⑧ Halimbawa, ang dayuhan ay nagkasakit at kailangang ma-ospital ng matagal na panahon noong kapapasok nya dito sa bansang Hapon at hindi rin pwedeng mag-report ng pagbabago ng kanilang address ng tirahan o hindi rin pwede nagpa-lakad ng “proxy”.
- ⑨ Halimbawa, taong nawalan ng tirahan dahil sa pinansyal na problema at iba pa.

Sa mga naturang kaso, hindi i-revoke o babawiin ang visa. Bagamat hindi pa nag-anunsyo ang Ministry of Justice ng malinaw na batayan sa pagpapatupad ng batas na ito.

■ Karapatan ng mga Kabababaihang Migrante upang Manatili dito

Ang mga babaeng migrante na may visa ng asawa o anak ng Hapon (“spouse or child of Japanese national”) o asawa o anak ng may premanenteng visa (“spouse or child of permanent resident”) ay dapat mag-report sa immigration sa loob ng 14 araw mula ng pagka-diborsyo o pagkamatay ng kanilang asawa, ito ay nakasaad sa table-B.

◆ Parusa sa Pagkakahuli ng Pag-report

Ang hindi nag-report ng naturang pagbabago sa immigration sa loob ng 14 araw ay bibigyan ng parusa na magbayad ng multa na may halaga ng 200,000 yen pababa.

At maaaring i-revoke o babawin ang inyong visa bilang asawa kahit balido pa ito. Ito ay nakasaad sa talata⁷ sa bagong Immigration Control Act.

Halimbawa, kung ikaw ay isang babaeng dayuhan na may asawang Hapon at hindi nagsasagawa ng aktibidades bilang asawa niya ng anim na buwan mahigit, i-revoke o babawiin ang visa ng Ministry of Justice at magsisimula na sila ng pag-aayos ng deportasyon. Ngunit, sa pag-revoke ng Ministry of Justice ng kanilang visa, “isaalang-alang nila ito upang mabigyan ang babae ng pagkakataon na mag-apply ng panibagong status o magpalit ng visa bilang “long term resident” o “permanent”.

Ito ay nakadaktada sa bagong Immigration Control Act.

Kung ang kanyang visa ay na-revoke o hindi na balido, ipapaalam ng Ministry of Justice ito sa minisipyo na sakop ng kanyang tirahan at paki-usapan na alisin ang “foreign resident registry” o kanyang rekord sa pag-rehistro ng dayuhang residente.

■ Iba-iba ang Uri ng Kasal

Sa kasalukuyang panahon, iba-iba ang istilo ng kasal at kanilang buhay. Ano ang ibig sabihin sa “hindi nagsasagawa ng aktibidades bilang asawa” o “not engaging in activities as a spouse”? Bagamat sinasabi ng Ministry of Justice, isasalang daw nila ang sumusunod na bagay kung magpapasya sila;

Nagsasama ba sila sa bahay? Kung hindi sila kasama, tuloy ba ang kanilang contact sa isa’t isa? Paano nila natutupad ang obligasyon ng kumita o magbigay ng pang-gastos bilang asawa? May kasama ba sila sa bahay ng ibang kasarian? Nagtrabaho ba sila, o anong klase ang kanilang trabaho, atb.

Ngunit, naranasan namin na may mga ilang kaso na hindi makatarungan. Sa resulta ng pagpasya ng Ministry of Justice “sa pagsasaalang-alang ng bagay”, tumanggi sa pag-renew ng visa at pinilit na pinalabas ng bansang Hapon.

Tanong 8

Ano ang sistema ng “Residential Certificate” o “Jyuminhyo” para sa dayuhan?

Sa pamamagitan ng sistema na ito ay paparehistro ang lahat ng dayuhan bilang residente tulad ng mamamayang Hapon.

Ang mga munisipyo, tulad ng city hall, ward office, town o village office ay gumagawa ng listahan ng kanilang residente para sa pagbibigay ng serbisyo at sa paniningil ng buwis sa kanila. Ang listahan ng Hapon ay ginagawa alinsunod sa Basic Registration Act. At ang at listahan ng mga dayuhan ay alinsunod sa Alien Registration Act.

■ Resident Registration

Ang nakalagay sa “Basic resident’s register ” o “Jyumindaicho” ay ang pangalan, kaarawan, kasarian at address ng tirahan ng mga residente. Ang “Residential Register“ ay ang mga “Residential Certificate” ng bawat household. Ito ay nagbibigay ng karapatan para magbigay ng serbisyo tulad ng “national health insurance”, “late-stage medical care system for the elderly”, “long-term care insurance”, eligibility para sa national pension, eligibility para sa allowance ng bata, pagrehistro ng batang mag-aaral, public assistance, bakuna o pagrehistro ng seal o HANKO. Bagama’t hindi sakop ang mga dayuhan sa sistma nito noon.

■ Residential Certificate para sa mga Dayuhan

Ang bagong Immigration Control Act ay nagtakda na isama sa residential register ang mga dayuhan na mayroong residence card na “middle to long-term residents” at “special permanent residents”. Isasama din dito ang mga aplikante ng “refugee” na mayroong “permission for provisional stay in Japan” o “landing permission for temporary refugee” , kahit hindi pa binibigyan ng residence card.

■ **Kung Iba ang Nasyonalidad ng mga Miyembro sa isang Household, Paano ito?**

Sa ilalim ng bagong Immigration Control Act, kahit hindi pare-pareho ang nasyonalidad ng mga miyembro ng pamilya, tulad ng pamilya ng tinatawag ng “International Marriage”, ipapakita sa listahan bilang isang household. Sa kasalukuyan, kung kinasal ng Hapon ang isang dayuhan, ang impormasyon na ukol sa kanyang asawa ay nakalagay sa lugar na may “remark” ng Jyuminhyo o residential certificate. Sa bagong Immigration Control Act, isasama ang lahat ng miyembro ng household sa listahan.

■ **Table 4 Kaibahan ng Residential Certificates para sa Hapon at sa mga Dayuhang Residente**

Residential certificate para sa Hapon	Residential certificate para sa dayuhang residente na may “Middle to Long-term Resident”
Pangalan	
Pesta ng kapanganakan	
Kasarian	
Pangalan ng household head o ang relasyon niya sa household head kung hindi siya household head.	
Family Registration	Kategorya ng residence card: middle to long-term resident
-	Nasyonalidad atb
-	Numero ng residence card
-	Visa
-	Panahon ng maaaring pananatili at expiration ng pananatili ng visa
Petsa ng pagrehistro sa minisipyo	Petsa ng pagrehistro sa nilipatang munisipiyo
Address ng tirahan	
Petsa ng pagbigay-alam ng paglabas sa dating rehistradong address	
Pagrehistro ng halalan	Wala
Mga bagay na nauukol sa “national health insurance”, “late-stage medical care system for the elderly”, “long-term care insurance”, eligibility sa national pension o child allowance	
Bagay na nauukol sa pagbigay ng bigas	
Numero ng residence card	
Iba pang bagay na nakatakda sa regulasyon ng munisipyo	

Tanong 9

Ano ba ang Ibig Sabihin ng Pagtanggap ng “Resident Registration Record”?

Maaaring buburahin ang pangalan ng dayuhang residente sa rekord o basic resident register sa munisipyo, kahit nakatira pa siya sa munisipyo na iyon.

Ayon sa bagong Immigration Control Act, ang bawat munisipyo ay kailangan mag-report agad sa Ministry of Justice kapag may bagong nilagay, pagtanggap o pagbabago sa residential certificate ng mga dayuhan. Kapag nagsumite ang dayuhang pamilya ng “report of birth” o “report of death”, kailangan ng munisipyo na ilalagay o babaguhin ang kanilang residential certificate. Kung may dayuhang residente na nawawala o missing, ang munisipyo ay may kapangyarihan na maaring tanggalin ang kaniyang pangalan.

■ “Pagtanggap” ng foreign resident register sa pamamagitan ng Pagpapa-alam ng Ministry of Justice

Ang probisyon na ito ay may kaugnay sa bagong “Basic Resident Registration Law”. Ang Ministry of Justice ay nakatakda na sila mismo ay mag-report sa bawat munisipyo kapag nakita nila ang pagbabago at pagkakamali ng foreign resident register na ginawa ng bawat munisipyo.

Ang layunin ng sistema na ito ay hindi sa pagbibigay ng serbisyo sa mga residente kundi ang pamamahala o pagkontrol ng mga dayuhang residente.

Tanong 10

Ano ang “Deemed Re-entry Permission”?

Sa bagong Immigration Control Act, hindi na kailangan ang “re-entry permission” kung babalik kayo sa loob ng isang taon.

Sa kasalukuyang sistema ay kailangang pumunta sa regional immigration office at kumuha ng re-entry permission kung aalis kayo ng bansang Hapon, tulad na umuwi sa inyong bansa o business trip. Kailangan ding bayaran ng 3000 yen para sa single-use re-entry permission, at 6000 yen para sa multiple entry permission.

Sa bagong sistema, kung aalis kayo sa bansang Hapon at babalik sa loob ng isang taon, kailangang lamang sabihin ito sa opisyaes ng immigration at ipakita ang pasaporte at residence card. Ito ang tinatawag na “deemed re-entry permission” system.

Ngunit kung aalis kayo ng Japan at hindi babalik sa loob ng isang taon mahigit, kailangan pa rin ng “re-entry permission” katulad ng kasalukuyang sistema.

■ Hindi kasama dito ang mga taong walang nasyonalidad o “stateless” at taong taga-“CHOSEN (‘Korea’)

Ngunit, ayon sa Ministry of Justice, hindi payagan ng “deemed re-entry permission” ang mga dayuhan na kanilang residence card ay may nakalagay na “stateless” or “CHOSEN (‘Korea’), sa banda ng nationality. Ang dahilan daw dito ay “wala silang opisyal na pasaporte”.

May magandang bagay sa pagbabago ng Immigration Control Act, tulad ng pagpapahaba ng maximum ng panatili hanggang 5 taon (sa kasalukuyang sistema ay hanggang 3 taon lamang) at nagkaroon ng bagong sistema gaya ng “deemed reentry permit”. Ngunit ito ay isang batas na magpapahirap sa mga dayuhan.

- Ang “Revised Immigration Control Act” ay nagtakda ng maraming obligasyon sa mga dayuhan at pinipilit ang parusa at revocation ng visa kung hindi tumupad sa mga obligasyon na ito. Ang ibig sabihin nito ay pinipilit nila ang mga dayuhan na tumupad ng mga obligasyon sa pamamagitan ng pananakot.

Halimbawa, ayon sa nakatakda ng bagong Immigration Control Act, hindi kailangang magdala ng pasaporte kung magdala kayo ng residence card. Ngunit, kahit mayroong pasaporte, kung hindi nagdala ng residence card, siya ay paparusahan.

- Ayon sa dakda ng bagong Immigration Control Act, kung hindi “long term residence” ang isang dayuhan na binigyan ng residence card, kailangang isauli ang residence card sa Ministry of Justice sa loob ng 14 araw.

Halimbawa, kung na-revoke ang asawa ng babaeng dayuhan ng kanyang visa dahil tinuring ng Ministry of Justice na hindi siya gumagawa ng aktibidades bilang “spouse of Japanese” ng 6 buwan mahigit at hindi natupad ang obligasyon, paparusahan siya ng magbayad ng multa na may halaga ng 200,000 yen pababa. Ang sistema na ito ay isang pananakot sa mga dayuhan upang sapilitan nilang kunin ang visa.

- Ang sistema na ito ay labag sa dignidad at kalayaan ng mga lahat ng dayuhan. Ang batas na ito ay isang masamang batas na magiging harang ng pakikisama ng mamamayang Hapon at dayuhang residente. Dapat natin tandaan ang bagay na nakasaad sa sumusunod;

Kapag pinayagan pumasok sa isang bansa ng nasasakupan ng International Convention Human Rights, ang lahat na tao ay makakatanggap ng mga kapakanan na pinaliwang na Convention na ito.

Ang lahat ng dayuhan ay may karapatan na ipagtanggal sila ng mga batas, at sa proseso ng pagpapatupad ng batas ay dapat hindi mangyayari ang diskriminasyon sa mga may citizenship.

(Human Rights Committee "General Statement 15)

Bagong Immigration Control Act

Q&A para sa mga Medium to Long Term Residents sa Japan

Tagalog

● edited by

Meeting of Countermeasure against Immigration relevant laws / SMJ
NGO Committee against the introduction of "Zairyu card(resident card)" system

● published by

National Christian Conference on Issues of the Alien Registration Law

発行日 ● 2011.12.20

編集 ●

移住労働者と連帯する全国ネットワーク・入管法対策会議
在留カードに異議あり！ NGO実行委員会

発行 ●

外登法問題と取り組む全国キリスト教連絡協議会

連絡先 ●

東京都新宿区西早稲田 2-3-18-52

RAIK／外キ協 (e-mail: raik.kccj@gmail.com)

